Tagalog
General Safety Rules

Layunin:

Ang layunin ng Pangkalahatang Patakaran ng Pag-iingat ay upang maglaan ng basehan para masiguro ang positibong pag-uugali ng lahat ng tauhan ng organisasyon.

Mga Reponsibilidad:

(A) Mga Manggagawa:

i) Lahat ng manggagawa ng organisasyon ay kinakailangang sumunod sa pangkalahatang pamantayan ng pag-iingat sa lahat ng oras.

(B) Mga Superbisor:

i) Kinakailangang siguraduhing ang lahat ng manggagawa na nasa departamento ay sinanay at nagtratrabaho na kaalinsunod sa pangkalahatang patakaran ng pag-iingat. Ang patuluyang pamamaraan ng disiplina ay kinakailangang panghawakang mahigpit sa mga pagkakataon kung saan ang aksiyong pagpapatuwid ay kinakailangan.

(C) Coordinator ng Kalusugan at Pag-iingat:

i) Ang kasalukuyang pangkalahatang pamamaran ng pag-iingat ay kailangang paunlarin at panatiliin kaalinsunod sa pinagsamang lupon ng kalusugan at pag-iingat.

© Industrial Accident Prevention Association, 2006. All rights reserved.

IAPA
It's About Making A Difference.

(D) Pangkalahatang Tagapamahala:

i) Bago ipasagawa ang pangkalahatang pamantayan ng pag-iingat na kasanguni ng lupon ng pinagsamang kalusugan at pag-iingat kinakailangang ito ay nirepaso at pinahintulutan.

Mga Pamamaran:

Mga Patakaran ng Pag-iingat

- Magsuot ng pinahintulutang personal na gamit pangproteksiyon o mga damit na ipinag-aatas.
- Kung ang sariling kamay o lakas ang gagamitin sa pagbubuhat, gamitin ang tamang paraan ng pagbubuhat.
- Sundin ang lahat ng patakaran, mga paunawa at mga tagubilin.
- Ipaalam kaagad sa "supervisor" ang anumang kondisyon o kaugalian na ang mga tao, kagamitan, mga pag-aari, materyal o pasilidad ay maaaring mapalagay sa panganib.
- Ang mga kagamitang dikuryente ay kinakailangang panghawakan lamang ng taong kuwalipikado at mga pinahintulutang manggagawa.
- Huwag patatakbuhin ang anumang kagamitan, "forklift truck" kung walang pahintulot ng "supervisor" o "manager".
- Huwag aalisin ang "danger" o "lock out tags" na nakalagay sa makina o kagamitan. Ang mga kagamitang para sa pag-iingat ay hindi maaaring alisin o pahintuin. Patayin at pahintuin ang makina bago ito linisin, langisan, ayusin o gawin.
- Kinakailangang ipaalam sa "area supervisor" ang mga kagamitan o makinaryang may sira. Huwag subukang gawin ang anumang makinarya, dikuryenteng makinarya o mga kawad o alambre na nangangailangan ng kuwalipikado at pinahintulutang tao.

© Industrial Accident Prevention Association, 2006. All rights reserved.

- Ang pag-gamit ng "compressed air" para bugawin ang alikabok sa pananamit ay ipinagbabawal. Huwag idirekta ang "stream of compressed air" patungo sa iyong katawan o sa iba pamang tao.

- Ang mga gamit makinarya ay kinakailangang bantayan habang ito ay umaandar. Ang nagpapaandar ay kinakailangang hindi maabala habang nagpapatako ng makinarya.

- "Rough House" o "Horse Play" ay dilikado at hindi ipinahihintulot. Ito ay karaniwang humahantong sa sakit o kasakunaan.

- Palaging usisain ang makinarya para makita kung ito ay nasa mapanganib na kondisyon.

- Ang lahat ng mga maaaring magsilab na likido at asido ay kinakailangang itabi o ilagay sa hindi mapanganib na lalagyan at may tamang pagkakakilanlan.

- Kinakailangang walang harang sa pasilyo. Ang materyales, mga parte, kagamitan, grasa, langis o iba pamang bagay ay hindi maaaring iwanan sa pasilyo na kung saan ito ay maaring maka talisod o makadulas sa mga tao.

- Pangalagaan mo ang sarili mo at ang mga kapuwa empleyado mo sa pamamagitan ng pagpapanatili ng planta na malinis at maayos sa lahat ng panahon. Huwag mag-iiwan ng pagkain, basura, panbalot o basahan na nakatiwangwang.

- Huwag patakbuhin ang makina hanggat hindi ang lahat ng panara ay nakalagay o nakaayos.

- Pamalagiing walang sagabal sa itaas.

© Industrial Accident Prevention Association, 2006

All rights reserved. As part of IAPA's mission to inform and educate, IAPA permits users to reproduce this material for their own internal training and educational purposes only. For any other purpose, including use in conjunction with fee for service or other commercial activities, no part of this material may be used, reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means, electronic, mechanical, photocopy, recorded, or otherwise, without the express prior written permission of the Industrial Accident Prevention Association.

The information contained in this material is provided voluntarily as a public service. No warranty, guarantee or representation is made by IAPA as to the correctness, suitability, fitness, or sufficiency of any information contained in this material. Use of this material means that the user agrees that IAPA and its employees will not have and are released from any liability whatsoever, however caused or arising, in connection therewith. Users also acknowledge that it cannot be assumed that all acceptable safety measures are contained in this material or that additional measures may not be required in the conditions or circumstances that are applicable to the user or his/her organization, and that the user will personally make his/her own assessment of the information contained in this material.

While IAPA does not undertake to provide a revision service or guarantee accuracy, we shall be pleased to respond to your individual requests for information.

IAPA (Industrial Accident Prevention Association)
Toll free: 1-800-406-IAPA (4272)
Website: www.iapa.ca

IAPA
It's About Making A Difference.